

# Chapter One



I nulis ni Cassandra ang paghagod ng mascara sa kanyang malalantik na pilikmata, pagkatapos ay mas kinapalan pa ang itim na itim na eyeliner. She took a glance at her tinted lips before putting back her makeup kit into her handbag.

Sa background niya ay naka-full volume ang music ng *Led Zeppelin*. Tumayo siya mula sa vanity chair at tiningnan ang sarili sa life size mirror. Her highlighted hair was in a fishtail braid at nakasuot siya ng metallic midriff na pinaresan ng leather jeans. Nang matuwa sa kinalabasan ng hitsura ay inabot na niya ang metallic purse.

Bigla siyang natigilan nang biglang tumahimik ang kanyang music player. Mabilis niyang nilingon ang pinto kung saan iyon malapit at nabungaran ang amang nakakunot-noo.

“Kung makapagpatutog ka, parang ikaw lang ang tao sa mundo!”

Sa halip na mataranta ay inirapan lang ni Cassandra ang ama bago muling sinipat ang sarili sa salamin. “Thanks for shutting it off then. Aalis na ako.”

Bago pa man niya ito malampasan ay nahablot na ng matanda ang kanyang braso. “Where do you think you’re going?”

Tiim-bagang na winasiwas niya ang

pagkakahawak nito sa kanya bago ito nilingon. “May pasok ako, Dad. Where else do you think I’m going? Alas diez pa lang ng umaga, bars don’t open until nine in the evening.”

“Mas gugustuhin ko pang sa bar ang punta mo sa suot mong ’yan! Wear something decent, Cassandra. Ilang ulit ko na ba ’yang sinabi sa ’yo?”

Napakaaga pa para sa diskusyong iyon pero hindi na niya napigil pa ang sarili. “Do me a favor, Dad, and don’t talk to me about decency. My clothes are much more decent than your actions,” mariin niyang sagot at muli ay sinubukan itong lagpasan.

Lubha niyang ikinabigla ang muli nitong paghablot sa kanyang braso. Tuluyan na siyang napaatras nang pabalibag siya nitong bitawan. “Hindi kita pinalaki para lang sagut-sagutin ako nang ganyan.” Mababa ang boses ng ama pero bakas doon ang pagbabanta. “I have an early meeting down at the garden and I would like you to be presentable kapag nakita ka nila. Not this miserable look that you’re so fond of wearing. Wala ka nang ipinagkaiba sa mga pariwarang kabataan na walang direksyon ang buhay.”

She heaved a heavy sigh. “I’ll wear what I want, Dad, so let me through.”

Napahugot nang malalim na hininga si Augusto sa kanyang sinabi. Her dad’s patience was running short, she could see it. Pero hindi siya patatalo. “I’m warning you, Cassandra, do as I say.”

“Let me through,” matigas niyang susog.

“Don’t you have even a little respect for me?”

“You don’t deserve it,” walang kurap niyang sagot. “Let me through or I’ll scream. Your business associates will then find out how hopelessly dysfunctional your family is.”

Talunang tumabi ang matanda, pero nagliliyab ang mga mata nitong nakatutok sa kanya. “This isn’t over, young lady. We’ll have a long talk when you get back home tonight.”

Matalim lang na tingin ang ipinagkaloob niya rito bago tuluy-tuloy na lumabas ng sariling kuwarto. Nasa living room pa lang si Cassandra ay rinig na niya ang diskusyon ng mga tao sa garden. Her dad’s business associates were talking about stock exchange, real estate and all those crap.

“Nice outfit,” anang isang malagom na boses.

She didn’t have to look to know who spoke. Madilim ang ekspresyon na nilingon niya ang lalaki. Always in his crease-free suit, sleek brushed-up black hair. His eyes instantly penetrated hers. Shivers ran down her spine as she struggled to meet his intense stare.

“Hindi ba masyado pang maaga para mag-party? Or is it the new thing now, early morning parties?”

“Don’t pretend like you didn’t hear my conversation with Dad, Mason.”

“Oh, was that you?” Bigla ay napuno ng sarkasmo ang boses nito, pero hindi nagbago ang intensidad ng pagkakatitig sa kanya. It was as if those jet black eyes were looking into her very soul. “I thought it was some good-for-nothing rebellious teenage kid who just craves for attention.”

Tila iyon patalim na harapang itinarak sa kanyang puso. But Cassandra was way too accustomed to such hurtful words that she didn't even flinch. "Oh, I get more attention than I can handle, Mase... if you know what I mean," makahulugan niyang sagot bago ito tinalikuran.

"Aren't you too young to say such vulgar words?"

Sarkastiko ang ngiting nilingon niya ito. "Don't give me that bullshit. If you weren't my father's best bud and business partner, you'd be all over me, too." Ipinadaan niya ng mga daliri ang hubad niyang tagiliran bago ito kinindatan at tinalikuran.

She didn't hear another word from him but she was sure his mind was screaming curses at her. Kumibit-balikat siya, who gave a shit?

Ni hindi nilingon ni Cassandra ang mga lalaking nadaanan niya sa garden; tuluy-tuloy lang siya sa kanyang sports car convertible at pinaharurot iyon patungo sa pinapasukang unibersidad.

She was twenty-one years old and was only on second year college. Pangatlong course na niya ang Theater Arts. Ang una niyang kinuha ay Nursing na halos ngayon ay ikatawa na lang niya. That was a big joke. Dahil lang iyon ang kinuha ng mga kaibigan niya noong high school ay iyon na rin ang kanyang kinuha. It only took her one semester to realize it was a shit choice.

Tumigil siya nang buong taon bago kumuha ng Fine Arts. She was happy for a while until she found new friends in the College of Theatre Arts. Kaya siya ngayon naroon.

Hindi pa niya alam kung ano ang gusto niya. Mapait siyang napatawa. But of course she knew exactly what she wanted—a decent family, loving parents. Parents who would give her love and support, not money and helpers. Isang amang gagabay sa kanilang mag-ina at hindi kung sinu-sinong babae ang ginagabayan at pinag-aaral. Inang magbibigay sa kanya ng mga payo, yayakapin siya kung nalulungkot siya o natatakot, tutulong sa mga homeworks at pakikinggan ang nangyari sa kanya buong maghapon sa eskuwela at hindi inang kung saan-saang bansa napapadpad kasama ng kung sinu-sinong lalaki... nagwawaldas ng perang walang pagod na ibinibigay ng kanyang ama.

Sa buong dalawampu't isang taon niya sa mundo ay hindi naalala ni Cassandra ang ina na ipinagluto siya ng kahit na anong pagkain, o inihatid siya ng ama sa paaralan. The only time he'd met his teachers were the times when she was in trouble. May isang pagkakataong sinadya niyang gumawa ng gulo para lang patunayan sa mga kaklase na may mga magulang siya. But her dad's assistant went to fix it all up instead.

Napailing si Cassandra. She had a rather colorful childhood, she thought bitterly.

“Hey, Baby...” salubong kaagad sa kanya ni Ryan, ang kanyang boyfriend, pagkababa niya ng kotse.

Hindi niya ito pinigilan nang halikan siya sa mga labi. Tinugon niya iyon at hinayaan itong akbayan siya pagkatapos. “You look hot, Baby...”

Tiningnan niya ang lalaki. He was a band vocalist. Spikey hair, pierced ears and all black outfit; Ryan was handsome. Aleman ang ama nito kaya mestizo. He had brown eyes and a sharp nose. His lips were thin and a bit blemished because of smoking, pero walang dudang ito pa rin ang pinakaguwapo sa buong campus. Hindi lang minsang nangyari na nakipag-away siya dahil sa mga babaeng nagpapapansin dito.

“Missed you, Babe...” malambing niyang saad at ipinulupot ang braso sa baywang nito habang sabay silang naglalakad papasok sa building.

“Missed you, too,” turan nitong hinalikan siya sa noo. Galing si Ryan sa Davao dahil naimbitahan itong tumugtog sa debut ng anak ng isang pulitiko roon. He was there for three days. “You could’ve come you know, ilang beses kitang inaya...”

She smiled. Gusto niyang sumama sa nobyo, pero sigurado siyang magpipilit lang itong manatili sila sa iisang kuwarto. As liberated as she was, she didn’t plan to give up her virginity just yet. Oo, naiisip na niyang si Ryan na ang gusto niyang makasama habang-buhay. Pero hindi rin niya maiwasang isaalang-alang ang pagiging lapitin nito ng babae. Bagaman alam niyang hindi siya pinagtataksilan ni Ryan, mas maganda pa ring maging sigurado. Call it weird but she was still old fashioned. She owed it to her future husband. He deserved the best of her. Hindi man maayos ang kanyang pamilya ay balak niyang gawing maayos ang pagsasama nila ng kanyang magiging asawa.

She couldn't stand another dysfunctional family, especially her own future family.

"I had exams," nasabi na lang ni Cassandra.

"That's okay," anitong pinisil ang kanyang balikat habang akbay siya. "We have a gig tonight. Sa *Hard Rock*, everything you order of course will be on the house since you're my lady," he said playfully na ikinatawa niya. "And then, we can catch up during breaks."

"I won't come kung hindi rin libre si Maxi," tukoy niya sa kaibigang babae. Although it really didn't matter if she was going to pay for her own order.

"Of course, Maxi. She can come, too, Baby..."

She beamed. "Good!" Nasa tapat na sila ng una niyang klase para sa araw na iyon.

"Okay, Baby... Kita na lang tayo sa bar mamayang mga nine. We still need to do a quick rehearsal sa bahay ni Jimmy," tukoy nito sa bassist ng banda.

"Okay, Babe... see ya!" She kissed him on the cheek bago pumasok sa silid ng first subject.



"Bakit hindi na lang kayo mag-divorce? No offense, Augusto, but your marriage has been dead long enough..." suhestyon ni Mason sa namomroblemang matanda.

Augusto just found out that his wife had been spending millions in Italy. Napapailing siya nitong hinarap. "You think that will solve the problem? Wala kaming pre-nup agreement. Kapag may

nangyaring divorce, daang milyon ang makukuha niya sa akin. Everything I own, mahahati. And I can't afford that. She doesn't deserve it. Buong panahong kasal kami ay tumigil na siya sa pagtatrabaho, everything I have right now is all mine, pati bawat kusing na ginagastos niya."

He rolled his eyes. Everything is all about the money with this man. "Then, there's no use moaning about it, my friend."

Sa isip ni Mason, mas kailangan ng matandang isipin ang reputasyon nito. Why, his wife was all over the magazines with different young European guys, habang ito ay kung sino-sinong celebrity ang napapabalitang kasama. If Augusto wasn't a good business partner and his late father's trusted friend, he wouldn't be anywhere near him. Hindi dahil sa hinuhusgahan niya ang pagiging babaero nito—he was a playboy himself, but he was single, for God's sake.

"Another round, please..." aniya sa bartender matapos tunggain ang scotch na kaharap. Augusto's glass was empty, too. Nasa bar counter lang sila, ayaw makigulo sa mga nag-iinuman sa gitna ng bar.

"I could probably offer a big amount of money. Hindi niya alam kung magkano ang kabuuan kong pag-aari. She doesn't have to know. I'll offer a big amount of money for a speedy divorce..."

"Emilia isn't stupid," mabilis niyang susog.

Napamura si Augusto.

"Why don't you try to work it out? Pinakasalan mo siya, you must have loved her." Gustong



mapailing ni Mason. Was he ‘Doctor Love’ now?

“That I did.” Naging mapusyaw ang mga mata ng nakatatandang lalaki. “Until I found out her little love affair with her childhood sweetheart.” Napailing ito na tila nanariwa ang pagkabigo ilang taon na ang nakalilipas.

Mason knew the story, his late father told him about it. The couple was crazy in love with each other. It was a whirlwind romance. After a couple of months of being together, nagpasya kaagad sina Augusto at Emilia na magpakasal. Shortly after she got pregnant, nalaman ng lalaki na nakikipagkita pa rin ang asawa sa dati nitong nobyo. Further investigation led him to find out that their communication never stopped even after they got married.

Everything changed since then. The first thing Augusto did when the baby was born, was to have a DNA test. He found out that the child was his. Mason thought that somehow, the baby was the reason they never got divorced. That baby now being Cassandra.

His stomach tightened remembering her fierce eyes just this morning. Pero kilala niya ito. Hindi maitatago ng matapang nitong mga mata o makapal na makeup ang kahinaang nasa likod niyon—a little girl inside those glaring look. Underneath those provocative clothes was a little girl who longed for affection. Longing that she had learned to conceal all these years.

A warm feeling spread through him as he

thought of a silent little girl who would often just seat in a corner whenever there were gatherings at home. Madalas siyang kasama noon ng mga magulang.

Ang ama't ina nito ay magaling sa pagpapanggap na maayos ang pagsasama kapag may mga bisita. But they couldn't fool him. Not with Cassandra's transparent eyes. Ikinagugulat ng babae ang malambing na pag-akbay ng ina rito sa harap ng mga bisita o ang paghalik dito ng ama. It was a strange thing for her because she was never used to affection.

Napabuntong-hininga si Mason at sa kung anong sugo ng kapalaran ay napalingon sa pinto. Pakiramdam niya, lahat ng alak na nainom niya ay umakyat sa kanyang ulo. He felt dizzy, at mas lalo iyong lumala nang salubungin ni Cassandra ang kanyang paningin. Surprise registered on her face upon recognizing him.

Napalunok siya nang makita ang kabuuan nito. Natigilan ang babae kaya naging malaya siyang tingnan ang suot nito. She was no longer wearing her leather jeans and midriff blouse. She was wearing a foxy black dress and knee-high boots. Nakapusod ang buhok nito na nagbigay-laya sa lahat na makita ang makinis nitong leeg at balikat. She was delightful to look at sa kabila ng makapal nitong makeup. Yeah, she wasn't a little girl anymore. Her chest wasn't the size of a bimbo's but he was sure it would fit in his palms perfectly. Ang makitid nitong baywang ay nagpatingkad sa bilugan nitong

balakang. A curve so sexy he often dreamt of tracing it with his fingers.

*F\*ck.*

Bago pa man siya makaisip ng magiging reaction sa pagkakakita sa babae ay may lalaki nang nakalapit dito. And he felt his muscles tighten when the man snaked an arm around Cassandra's waist before claiming her open mouth. He flinched. Nang oras na iyon ay gusto niyang tumayo mula sa kinauupuan, bitbitin ang baso ng alak, hablutin ang lalaking walang habas na humahalik kay Cassandra at ipalunok dito ang basong puno pa ng scotch. The bastard.

Sa halip, nakaisip siya ng ibang bagay. "Look who just arrived, Augusto."

Kunot-noong nilingon siya ng katabi bago sinundan ang tinutuunan ng kanyang paningin. Narinig niya ang marahas na pagsinghap ng matanda bago ang padaskol na pagtayo. The next thing he knew, Augusto was dragging Cassandra out of the bar. Habang siya ay tahimik na nanatili lamang sa kinauupuan.

Sa kabila ng pagpupumiglas ng babae mula sa ama ay nakita niya ang pagtapon nito ng matalim na tingin sa kanya. Na para bang kasalanan ni Mason ang nangyari. Siguro nga ay magagawa niya sanang ilayo ang paningin ni Augusto sa mga ito; distract the old man for a little while until they're done making out. Maaari rin sana niyang ayain nang umalis ang matanda habang hindi pa nito nakikita ang anak.

She didn't want to put Cassandra in trouble, but then again, he'd do anything to get her away from that piece of shit guy. Ang lalaking napakibit-balikat lang matapos balaan ng matanda. What an asshole.



# Chapter Two



**P**inatapos lang ni Mason ang unang set ng banda. Ni hindi niya planong pakinggan ang rock band pero naisipan niyang alamin kung ano ang nagustuhan ng anak ng business partner sa mestisong vocalist. Ryan was a typical goodlooking boy. There was a big chance he was a university hearththrob. It irritated him more. Ang katulad nito ang hindi makontento sa iisang babae. Bata pa ito at marami ang nagkakagusto. And the kid was still probably overwhelmed by the attention he was getting. Duda siya kung magagawa nitong i-focus lang ang paningin kay Cassandra, kahit gaano pa ito kaganda.

Palabas na siya ng bar nang muling madaanan ng mga mata niya ang lalaki. Walang babalang napatiim ang kanyang bagang nang katulad ng ginawa nito kanina kay Cassandra ay may salubungin itong babae at halikan sa mga labi. The only difference was that the kiss was with no reservation, tila sanay na sanay ito sa kahalikan. He even saw his hand go under the girl's mini skirt.

Napapailing na tinalikuran ni Mason ang lalaki. "Bastard." Sa isip ay pinaplano na niya kung papaano sasabihin kay Cassandra ang nasaksihan.



"You embarrassed me in front of all those

people, Dad!” histerikal na sigaw ni Cassandra sa ama. Hanggang sa pagpasok sa bahay ay kaladkad pa rin siya nito.

“You embarrassed yourself more. Paano mo nagagawang magpahalik nang tila walang nakakakita sa inyo ng lalaking iyon? You are getting more and more promiscuous each day, Cassandra. Mag-iingat ka at malapit na talaga akong mapuno sa ’yo!” Ang boses ng ama niya ay kasing-lakas din ng sa kanya. He was really mad.

“At pag napuno ka sa akin, Dad, ano ang gagawin mo? I don’t think you could still do much to make me hate you more!”

“I’ll cut you off, Cassandra, I’m warning you...” puno ng galit at kaseryosohan nitong sagot, tumaas-baba ang dibdib.

Kulang na lang ay mapahalakhak siya sa narinig. “Ano, ititigil mo ang pagbibigay sa akin ng pera? Babawiin ang kotse ko?” Peke siyang umiling. “Maaatim mo ba ’yun, Dad? While all your bimbos are splurging on your money, driving luxurious cars, pagkakaitan mo ang kaisa-isa mong anak?”

“Cass...” Napabuntong-hininga ito.

“Yes, Dad. Nag-iisa mong anak, baka lang nakakalimutan mo. The DNA test proved it, remember?” Tuluyan nang gumuhit ang sakit sa kanyang mukha pero mabilis niya iyong naisantabi. Matalim niyang tinitigan ang matanda. “But go ahead, take away everything... but don’t think it will make any difference. I’ll still do what I want.”

Napahilamos sa mukha si Augusto. Kahit

papaano ay nakaramdam siya ng habag para sa ama. Pero panandalian lamang iyon. Iyon lang pagtingin ng isang anak sa kanyang magulang ang tanging pumipigil sa kanya para layasan ang bahay na iyon. Wala nang iba.

“Cass, bakit mo ito ginagawa?”

Mapait siyang ngumiti. “Look at yourself first before you ask me that...” Iyon lang at tinalikuran na niya ito.



Tulala si Cassandra habang nakaupo sa tapat ng kitchen counter, kaharap ang umuusok na kape.

“Kagigising mo lang ba, 'Nak?” untag ng humahangos na si Nanay Molly, ang kanyang yaya. May bitbit itong mga grocery bags. “Aba’y alas onse na, wala ka bang pasok?”

“Mamayang hapon pa po, Ya...” aniyang hindi man lang ito nilingon. Alam niyang kapag nagtama ang mga mata nila ay malalaman kaagad nito na may dinaramdam siya. And she didn’t need sympathy from her. Not anymore. She was a big girl now.

Narinig niya ang kaluskos ng matanda at alam niyang itinatabi na nito ang mga pinamili. “Ano’ng gusto mong kainin, 'Nak?” mayamaya pa ay tanong nito.

“Wala po. Tatapusin ko lang itong kape at aakyat na ako sa kuwarto.”

Napabuntong-hininga si Nanay Molly at nang oras na iyon, gusto na niyang bumalik sa kuwarto. Alam niya na kung ano ang susunod na mangyayari.

At hindi siya nagkamali. Umupo sa tabi niya ang butihing yaya.

“Narinig ko ang pagtatalo ninyo ni Sir kagabi.”

“Wala nang bago d’un...” aniyang humigop mula sa tasa. Mabilis siyang kumurap-kurap dahil nag-init ang kanyang mga mata nang haplusin nito ang kanyang buhok na ngayon ay sabug-sabog na. Ni hindi niya iyon nagawang alisin mula sa pagkakatali nang nakaraang gabi. Dumerecho lang siya sa higaan at umiyak hanggang sa makatulog.

Tanging ang haplos lang ng matanda ang nagbibigay ng init sa kanyang dibdib. And she missed it. Ilang taon na rin mula noong simulan niyang idistansya ang sarili rito. Nahihiya na si Cassandra sa sarili sa madalas na pag-iyak sa balikat nito sa tuwing may problema siya. She wasn’t her daughter. She wasn’t Nanay Molly’s responsibility.

Marahan siyang lumayo rito at sinuklay ng mga daliri ang buhok. “Ayos lang ako, Ya, huwag kang mag-alala.”

Muli ay narinig niya ang pagbuntong-hininga ng babae. “May hihingin lang sana akong pabor sa ’yo, Anak.”

Sa pagkakataong iyon ay napalingon na siya rito. “Ano po ’yun?” nag-aalala niyang tanong. Ni minsan ay hindi pa ito humingi ng pabor sa kanya, laging ay siya ang nangangailangan.

Sinalubong siya nito ng mapagmahal na tingin. Nangungulubot na ang mukha ni Nanay Molly, may ilang puting buhok na rin ito na kitang-kita sa pagkakatali niyon. But her face remained calm and



loving. “Gusto ko sanang subukan mong intindihin ang iyong ama...”

Bigla ay napatuwid si Cassandra ng upo. “Ya—”

“Makinig ka muna sa akin,” agad nitong putol sa pagtutol sana niya. “Narinig ko nang buo ang diskusyon n’yo ni Sir kagabi kaya kahit papaano ay alam ko kung ano ang nangyari sa bar. Maging ako man ay di matutuwa kung makita kitang nakikipaghalikan sa kung sino—”

“Hindi siya kung sinong lalaki lang, Ya. Ryan is my boyfriend!” she snapped. “I love him, Ya...” Bigla ring baba ang kanyang tinig.

Tanging si Molly lang ang kakampi niya sa pamamahay na iyon kaya kailangang ma-establish niya rito na hindi kaaway si Ryan. He was good to her.

Mataman siya nitong tinitigan na waring inaarok ang kanyang isip. Pagkaraan ay, “Mahal ka ba niya, Cassandra?”

Napakunot-noo siya. “Of course! I can feel it.”

“Ayoko na sanang magsalita tungkol sa pananamit mo, pero kagabi ay halos wala ka nang itago sa suot mo. Kung talagang mahal ka ng lalaking iyon, hindi siya papayag na ganoon ang suot mo,” mahinahon pa rin nitong sabi. “Napakababaw na bagay pero sa mga simpleng bagay mo makikita ang sinseridad ng isang tao. Hindi ka dapat niya hinahayaang magsusuot ng mga ganoon upang iiwas ka sa gulo.”

Hindi siya makapaniwala sa naririnig. “Ya, he is just proud of me...” Napahugot si Cassandra ng

malalim na hininga at inabot ang kamay ng inahan. “Yaya, please don’t hate him. Wala akong pakialam kung ayaw sa kanya ni Dad, basta ikaw, gusto mo siya.”

“Anak,” hinaplos nito ang kanyang pisngi, “paano ko magugustuhan ang lalaking walang balak na protektahan ka?”

She rolled her eyes. “Yaya, hindi porke hinahayaan niya ako sa fashion sense ko, ibig sabihin ay hindi na niya ako pinoprotektahan.”

“Hindi lang iyon, Cassandra. Bakit hindi ka niya sinundan dito kagabi sa bahay kung ganoong hinatak ka lang pala pauwi ng daddy mo? Dapat ay sumunod siya para patunayan sa ama mo na malinis ang kanyang intensyon.”

Natigilan siya sa tinuran nito. “S-siguradong natakot lang ’yun kay Dad, at... at isa pa may gig sila kagabi.”

Makahulugang ngumiti si Yaya Molly. “Pakinggan mo ang sinasabi mo, Cass. Isipin mong sa kaibigan mo nangyari ang nangyari sa ’yo kagabi. Ano ang ipapayo mo sa kaibigan mo na ni hindi man lang sinundan ng nobyo matapos maeskandalo?”

“You don’t know him, Ya. Please...” pakiusap niya. She really liked Ryan and she couldn’t afford Molly hating him.

“Hindi ko alam kung gugustuhin ko siyang makilala, Cassandra.”

She smiled at her reassuringly. “One of these days, Ya, ipapakilala ko siya sa ’yo.”

“I don’t think that will be necessary.”

Sabay silang napalingon sa lalaking nagsalita. Nakasandal ito sa hamba ng pinto. How long had Mason been standing there? Nawala sa isip niya ang tanong na iyon nang muling mabistahan ang guwapo nitong mukha. No. Hindi guwapo. Napakaraming guwapong lalaki na ang nakita at nakilala niya pero walang kagaya ni Mason. He was handsome of course, but there was something more to him. His dark piercing eyes were full of authority. His gaze could say a thousand words. Ang matangos at perpekto nitong ilong, at mapupulang labing mukhang masarap halikan. All in a sharp chiseled face. He was incredibly attractive, no doubt about it.

“What are you doing here?” sa wakas ay nagawang itanong ni Cassandra.

Lumipat muna sa matanda ang tingin nito. “I’d like to talk to Cassandra, if you don’t mind.”

Napaingos siya. He was being polite. Pero alam niyang pumayag man si Yaya Molly na kausapin siya o hindi ay gagawin pa rin nito ang gusto.

Tumungo lamang ang matanda bago siya hinimas sa likod at pumasok na sa dirty kitchen.

“What do you want, Mason?” Ayaw na niyang isipin ang pambubuko nito sa kanya kagabi. Hindi sila close para magtampo siya dahil lang hindi ito gumawa ng paraan para hindi sila makita ni Ryan kagabi ng kanyang ama.

Amused itong napangiti. She bitterly wondered why. There was nothing amusing about anything.

“Do you want my answer to be as direct as your question?” nakakaloko nitong balik at patamad na

naglakad papalapit sa kanya.

Cassandra flinched a little. Hindi niya alam kung saan nanggaling ang panic na bigla niyang naramdaman lalo na nang makalapit ang binata. Ngayon ay nakaupo na ito sa iniwang silya ni Yaya Molly. His familiar scent filled her nostrils. Yes, it was familiar. She'd known Mason since they were kids. Well, since she was a kid. Magpipitong taon din ang agwat nila. At hindi pa ito minsan man nagpalit ng pabango kaya kilala na niya ang amoy niyon. It was a sweet exciting scent.

Humugot siya ng malalim na hininga para matabunan ang kung anu-anong pumapasok sa kanyang isip. Alam niyang attracted siya sa lalaki simula pa noon. But over the years, she had learned to disregard it. And it wasn't hard. Mason was an ass.

“Just spill it out. I don't have time to spare. What do you want?” asik niya.

“I want you to break up with your pathetic boyfriend,” deadpan nitong saad.

Napaangat ang tingin ni Cassandra at nakita niya ang blangkong ekspresyon ng binata. Yet it brought her that feeling, an emotion that she shouldn't be feeling now. Idinaan na lang niya iyon sa ingos. “Hindi kita papatulan, Mason. Kung 'yan lang ang sasabihin mo, makakaalis ka na.” Inubos niya ang laman ng kanyang tasa.

“Sana ay 'yan din ang sinabi ni Ryan sa babaeng kahalikan niya kagabi nang umalis ka.”

Her eyes darted back to him. “What did you

say?”

Balewalang humalukipkip ito at sumandal sa upuan. “Your piece of shit boyfriend’s tongue was down somebody else’s throat right after he pulled it out of yours.”

Tiim-bagang na itinulak niya ang binata. “You’re disgusting! At huwag mong isiping paniniwalaan ko’ng kahit isang salita sa sinabi mo.”

Balewalang inayos ng kaharap ang nagusot na suit. “Tell me, why would I lie to you?”

Sarado ang isip ni Cassandra. She couldn’t think that for one moment, Mason was telling the truth. Hindi iyon magagawa ni Ryan sa kanya. Not after more than one year of being steady, not after what happened last night. Sa naisip ay bumalik ang paningin niya sa lalaking matiim nang nakatingin sa kanya.

“Did Dad put you up to this?”

“What?” kunot-noo nitong bulalas.

She smiled sarcastically. “Inutusan ka ni Dad na gumawa ng istorya para lang iwan ko ang boyfriend ko.”

“What do I look like to you?” anitong umiikot ang mga mata. “I’m your father’s business partner and not his help, for God’s sake!”

“Then, stop acting like one. Hindi ko alam kung ano ang nakikita mo kay Dad, that you look up to him and support him unconditionally.” Inirapan niya ito. “Actually, hindi na ako nagtataka, pareho lang kayo.”

“This isn’t about me, Cassandra, huwag mong

ibahin ang usapan.”

“As far as I’m concerned, tapos na ang usapang ito. I trust Ryan and your dirty trick is not working.”

“You trust him way too much, Princess... How about you give me a piece of that trust?”

Hindi makapaniwalang muli niyang nilingon ang lalaki. “Naglolokohan ba tayo? What in the world made you think that I could trust you?”

“You know me for so long, Cass. May nagawa ba akong masama sa ’yo para hindi mo ako paniwalaan?”

Pilit niyang iwinaglit sa isip ang ilang pagkakataon na nakialam ang binata sa buhay niya mula noong maliit siya. “You’ve done a lot alright.” Tumayo na si Cassandra. “Think about this, Mason, you support my father’s womanizing despite the fact that he’s still married to my mom. Now, tell me to trust you.”

Nakita niya ang pagtiim ng mga bagang ng kausap. Pero hindi ito nagsalita. Hindi na rin siya nagsayang ng oras.

“Have a great day, Mase. Tell my father his plan didn’t work.” Iyon lang at tuluyan na niya itong tinalikuran.



# Chapter Three



“**S**orry about last night, hindi na ako sumunod sa inyo. Masyadong mainit ang ulo ng daddy mo at naisip kong kausapin na lang siya sa ibang pagkakataon...” bungad ni Ryan matapos maupo sa harapan niya. Nasa cafeteria siya at hinihintay lang si Maxi bago umuwi.

Mataman munang tiningnan ni Cassandra ang nobyo bago ngumiti. “It’s fine...”

Malawak itong ngumiti at inabot ang kanyang kamay. “I knew you’d understand.”

“So how was last night? Did I miss anything?”

Kumibit-balikat lang si Ryan, ni wala siyang nakitang pagkabahala sa mga mata nito. Mas nagpatatag iyon sa hinala niyang hindi totoo ang sinabi ni Mason kaninang umaga.

“It was a fun night, but boring for me. You weren’t there. Pagkatapos naming tumugtog, umuwi na ako. It’s not fun without you, lalo’t sobrang namiss kita.” Inabot nito ang palad niya. “Can we go out tonight, Baby?”

“Where are we going?” maingat niyang tanong.

Muli ay kumibit-balikat ang nobyo. “Dinner? A few drinks... and wherever the night will take us.”

Napangiti si Cassandra. “Dinner and a few drinks and we’ll call it a night.”

Hindi nakaligtas sa kanya ang pagkadismaya sa

ekspresyon nito dahil sa sinabi niya. Alam niya kung ano ang gusto ng nobyo.

“Yes, okay... 'Kita na lang tayo sa *Amaretto*?” tukoy nito sa paborito nilang restaurant.

Biglang natigilan si Cassandra. “A-aren’t you gonna pick me up?”

Uminom si Ryan mula sa canned soda bago sumagot. “I’m sorry, Babe, may inuutos sa akin si Dad malapit lang sa *Amaretto* mamaya pagkagaling ng school. Malayo ang iikutin ko kung susunduin pa kita at baka maipit pa ako sa traffic. Let’s just meet there at seven thirty, okay?”

Tumalim ang tingin ni Cassandra sa katipan. “Tonight would be a great time sana to meet my dad. Tell him your intentions for me are good. And Yaya, too. She has to like you...”

Umikot ang mga mata ni Ryan. “Why the hell would I want to meet your yaya, Babe? She’s an unnecessary problem. And as for your dad, I’ll do something about it soon. Don’t you worry—”

“Unnecessary problem?” putol niya; nag-iinit na ang ulo. “Alam mo ang papel ni Yaya Molly sa buhay ko, at alam mong mas pinapahalagahan ko—”

“Oh, come on, Cass, don’t be such a kid,” pagbabalewala nito at muling uminom mula sa lata ng softdrink. Inabot nito ang kanyang kamay na agad din niyang inilayo.

“Don’t touch me.” Akmang tatayo na si Cassandra para iwan si Ryan pero mabilis siyang nahawakan ng nobyo.

“Are you mad?” gulat nitong tanong, tila walang



ideya kung ano ang ikinagagalit niya.

“Gee, what do you think?” sarkastiko niyang balik.

Bumuntong-hininga ang lalaki at umikot sa lamesa para mayakap siya. “Baby, huwag ka nang magalit. All I’m saying is, as your boyfriend, mas nag-aalala ako sa pagmi-meet namin ng daddy mo. Of course I would like to meet your *yaya*, too,” mahinahon nitong paliwanag habang hinahaplos ang kanyang likod. Hinayaan lang niya ito. “Let me clear things first with your father, but in my own time. At pagkatapos n’un, I promise to take you and *Yaya Molly* to a trip. Tayong tatlo lang para makapag-bonding kami. Does that sound good?”

It did sound good to her. Pero may bahagi ng kanyang utak na hindi pa rin kumbinsido. But she chose to ignore that part and nodded. Pagkaraan ay inangat ni *Cassandra* ang mukha para salubungin ang tingin ng nobyo. Then, they kissed.

Mayamaya pa ay dumating na si *Maxi* at masaya silang nagkuwentuhan.



Katatapos lang ng huling meeting ni *Mason* nang araw na iyon pero na kay *Cassandra* pa rin ang kanyang isipan. Pumuslit lamang siya sa bahay ng mga ito kanina dahil hindi na siya makapaghintay na sabihin dito ang nasaksihan nang nakaraang gabi. Inasahan niyang mabibigla ito sa sinabi niya pero ni wala man lang pagdududa sa mga mata nito para sa nobyo. Sa halip, siya ang nabigla sa mga sinabi ng dalaga. They may not be as close as before

but he'd never thought Cassandra thought of him so badly. Kung dati ay halos gawin siya nitong idolo—sinusundan siya kahit saan magpunta—ngayon ay ni hindi nito maatim na pakinggan ang kanyang mga sinasabi.

Hindi na maalala ni Mason kung kailan at paano nagsimula ang panlalamig ng pakikitungo sa kanya ng dalaga. He could remember he was even her partner during her sixteenth birthday celebration. Isang party na hindi nito gusto dahil ayon kay Cassandra, pagpapasikat lang iyon ng daddy nito sa mga kaibigan. He was able to convince her. But after that party, she became distant until their closeness completely melted into thin air. Hanggang sa palagi na lang itong galit kapag nagkikita sila—isang bagay na nakasanayan na rin niya kinalaunan.

“Mason, are you going home?”

Napalingon siya kay Augusto na nagmamadaling maabutan siya sa kanyang paglalakad sa hallway. “Yes, is there any problem?” Binagalan niya ang paglalakad.

“Wala naman, may gusto lang sana akong itanong,” anitong hindi maalis ang pag-aalala sa mukha.

“What is it?”

“I want you to do something for me, Mason.”

Napatawa siya. “You’re not gonna ask me to sell out on you, are you?”

Umiling-iling ang matanda at pinindot ang buton ng elevator nang mapatapat sila sa pinto niyon. “How long did you stay in that bar, last night?”

“An hour or so, why?” sagot niya at hinintay ang kasamang makapasok sa lift bago sumunod.

“Naaalala mo ba ang mukha ng lalaki? Do you think he play regularly there?”

Oh, he could remember the bastard’s face alright. “Yeah, I remember him. And I’d say they play at *Hard Rock* once a week. Why all these questions?” naiinip na niyang tanong. He was really itching to know what the old man was up to.

“I want you to scare him off, Mason. Siguruhin mong hindi na siya lalapit kay Cassandra.”

“Augusto, I’m not—”

“I know,” mabilis nitong putol sa anumang sasabihin niya. “Alam kong wala akong karapatan na utusan ka. But I’m asking as a friend. You care about Cassandra, right? Tatlong tao lang ang alam kong nagpapahalaga nang totoo sa kanya at isa ka doon. It’s why I want you to help me get rid of that guy she is dating.”

Napabuntong-hininga si Mason. Ano nga ba ang maisasagot niya? Of course he cared about Cassandra, and it would be a pleasure to get rid of that guy. Hindi siya kumibo hanggang sa makababa sila sa basement parking.

“Will you help me, Mason?” untag sa kanya ni Augusto nang nasa tapat na sila ng kani-kanilang sasakyan.

“Of course,” he answered before getting in his car.

Nagmaneho siya patungo sa isang bar sa Malate. He needed a drink. Sa totoo lang, hindi

niya malaman kung bakit ganito kabigat sa kanyang dibdib ang mga pangyayari. The scene he saw last night, Cassandra being kissed by that man, kept nagging his mind. At sa tuwina ay waring may pumipiga sa kanyang tiyan. It wasn't a nice feeling.

“Scotch, please,” aniya nang may lumapit na bartender.

Mayamaya pa ay mabagal na niyang tinutunga ang alak habang bumabalik sa isipan ang huling gabing nakita niyang totoong ngumiti sa kanya si Cassandra.

*“I knew this was a bad idea! I don't even know half of the people here!” reklamo ng dalaga pagkababa na pagkababa sa hagdan ng mansion kung saan hinihintay ito ng mga panauhin.*

*“Tumakas na lang tayo. Let's have dinner somewhere else. I'm sure na makita lang ako ni Dad at maipakilala ay wala na siyang pakialam. Come on, Mason... alam mo namang ayoko sa mga...”*

*Cassandra went on and on pero walang pumapasok na salita sa pandinig niya. He was in utter shock.*

*Kailan pa nagdalaga si Cassandra? Paanong ni hindi man lang niya napansin ang pagtangkad nito, ang pagkakaroon ng korte ng katawan, ang pagtingkad ng kagandahan nito?*

*The celebrator was wearing an off-white flowy chiffon dress. It had a dainty slit on her left leg and the cool breeze was gently blowing it. Mahaba at tuwid ang buhok ni Cassandra pero kulot iyon ngayon at nakalugay paikot sa tila manika nitong mukha.*

*Her big brown eyes were sparkling despite the boredom and irritation, and her eyelashes were fluttering. She was wearing a pale pink lipstick and looked absolutely stunning.*

*“Mason!” untag nitong nagpakurap-kurap sa kanya.*

*“Yes, hey, happy birthday.” Para siyang tanga at alam niya iyon.*

*“Hindi mo ba narinig ang mga sinabi ko?” nangungunot ang noong tanong ng babae.*

*Tuluyan na siyang napangiti. Inabot ni Mason ang kamay ng dalaga. “Let’s dance...”*

*Umikot ang mga mata ng babae bagaman nagpaakay sa kanya, nginingitian ang bawat panauhing madaanan na bumabati.*

*“Your idea sucks...” pahabol pa nito bago ipinatong ang mga palad sa kanyang balikat.*

*He ignored her and instead, he started swaying her body against the mellow music. Natahimik na rin ang dalaga at nang tingnan niya ito, nasalubong niya ang kumikislap nitong mga mata. She was staring at him dreamily. Ilang sandali ang lumipas bago nito tila napagtantong nakatingin siya. Cassandra’s lips broke into a heart-melting smile and he felt warm inside. She was beautiful and he adored her.*

*Umangat ang kamay niya para sana haplusin ang makinis nitong mukha, pero bago pa man makalapat ang kanyang mga daliri rito ay nakita na ito ni Augusto.*

*“Oh, here’s my unica hija!” bulalas ng ginoo at malawak ang pagkakangiting inabot nito si*

Cassandra.

*Alanganing binitawan ni Mason ang kasayaw nang humigpit ang pagkakahawak nito sa kanya, halatang ayaw magpaakay sa ama.*

*“It’s fine,” he whispered before finally letting her go.*

*“And there you are!”*

*Napalingson si Mason sa babaeng bigla na lang sumulpot sa kanyang harapan. It was Beatrice, his fling at that moment.*

*“What are you doing here?” bulong niya. Wala sa hinagap ni Mason na makikita niya ito sa party na iyon. Sinadya niyang huwag magsama ng kahit na sino dahil nga siya ang partner ni Cassandra sa gabing iyon.*

*“I talked to your secretary!” she beamed and kissed him hard on the lips.*

*Mabilis niyang inilayo ang babae at hinanap ng mga mata si Cassandra. He thanked the heavens when he saw her. Hindi ito nakatingin sa kanila at abala sa pakikipag-usap sa mga panauhing ipinakikilala rito ng ama.*

*“I’ll walk you out...” mariin niyang sabi at hinawakan ang braso ni Beatrice. Hindi na niya pinansin ang pagtutol nito.*

*“Ba’t kailangan mo nang umalis?”*

*Ang iritadong boses ng isang babae ang nagpabalik kay Mason sa kasalukuyan.*

*Nilingon niya ito; naroon ito sa isang mesa na malapit lang sa bar counter na kinaroroonan niya. Bigla ay may pumukaw sa kanyang interes, the lady*

looked familiar. At nakumpirma niyang nakita na nga niya ito nang tingnan niya ang kaharap nitong lalaki. It was none other than Ryan, and he was with the same girl he was kissing last night.

“Sinabi ko na sa ’yo, may practice ang banda.”

“At bakit hindi ako puwedeng sumama?”

Mason looked away. Hindi na kailangan pa ng masusing pag-obserba para malaman na may relasyon ang dalawa. That Ryan was clearly cheating on both girls.

Sandali niyang hinintay ang pagpapaalaman ng mga ito. Mayamaya pa ay naiwan ang babaeng nangungunot ang noo habang si Ryan ay nagmamadaling lumabas ng bar. Sinipat niya ang wristwatch at nakitang mag-a-alas ocho pa lang. Mabilis niyang binayaran ang inumin at sinundan ang lalaki. Ito na ang perpektong panahon para kausapin ito.

Natigilan siya nang hindi ito magtungo sa parking area, sa halip ay naglakad sa isang malapit na restaurant: ang *Amaretto*. Silently, he followed him and was caught off guard when he realized who he was meeting.

“The son of a bitch,” he muttered as he saw Cassandra giving the bastard a welcome kiss. “You’ve got to be kidding me.”

Nag-iinit ang ulong pumasok din siya sa restaurant. Mayamaya pa ay hatak-hatak na niya sa kuwelyo ang lalaki palabas sa restaurant at bago pa siya mapigilan ng nagsisisigaw na si Cassandra ay magkabilang suntok na ang tumama sa panga ng

nobyong nito.

“What the hell!” Mabilis itong dinaluhan ni Cassandra. “Baby, are you okay?”

Iwinasiwas nito ang kamay ng girlfriend at tumayo. “Who the f\*ck are you?” malutong nitong bulyaw sa kanya na tangka siyang susuntukin. Pero parang wala ito kahit kaunting lakas dahil nagawa niyang pilipitin ang braso nito.

“Hindi mo na ako kailangang makilala pa. But I’m telling you this though: Leave Cassandra alone and stick with the girl you left at the other bar, you cheating bastard.”

“What the hell are you talking about?” bigla ay sugod sa kanya ni Cassandra, nanlilisik ang mga mata.

“Stay out of this!” asik ni Mason at muling nilingon ang lalaking namamaga na ang mukha. “You hear me? You understand me? Leave Cassandra alone or you wouldn’t like what I will do to you.”

Nanginginig si Ryan pero pilit na lumingon sa dalagang tila hindi makapaniwala sa nangyayari. “Baby, I don’t know who this guy is and I swear I have no one else—”

Nanggigigil na binalibag ito ni Mason sa kalsada. God, this guy was really getting on his nerves. Akmang lalapitan pa sana ito ni Cassandra pero mabilis niya itong nahatak.

“Let me go!” nagpupumiglas ang babae pero parang wala siyang naririnig.

“I’ll show you what I’m talking about,” aniyang iginigiya ang nagpupumiglas na dalaga patungo sa



pinanggalingan niyang bar.

“You will pay for this, Mason! Wala kang karapatan para gawin ’to.”

Inignora niya ito hanggang sa makapasok sila sa bar, pero sa pagkadismaya niya, wala na roon ang babae.

“Damn it!”

“What? Nasaan na ang sinasabi mo? Or were you just seeing things?” sarkastikong tanong ni Cassandra.

Tiim-bagang na hindi siya kumibo. He dragged her again into his car and slammed the door after her.

“Mason—”

Isinara niya ang pinto at lumigid para magtungo sa driver’s side.

“I have my own car!” anitong sinusubukang buksan ang pinto pero naka-power lock iyon.

“I know that,” madilim ang mukhang sagot ni Mason.

“Then, let me out. Ano ba ang problema mo? Do you understand what you just did? You just assaulted my boyfriend out of nowhere.”

“Then, he should sue me,” balewala niyang sagot at saka pinaharurot ang sasakyan.

“Wait, where are you taking me?”

“Somewhere we can talk.”

“But I don’t wanna talk to you!” Bigla ay nagkaroon ng panic sa boses nito.

Nang lingunin niya si Cassandra ay nakita niyang nakarehistro sa mukha nito ang takot.

“Damn it, are you scared of me?”

“Yes, 'coz you're a bastard!” walang kurap nitong sagot.

Marahas siyang humugot ng hininga bago inabot ang palad ng dalaga, pero mabilis itong nakaiwas.

“Let me out, please....” she pled.

“No...”

“Please, Mason, please let me out...” Tuluyan nang napuno ng takot ang boses nito, tumaas-baba ang dibdib sa kaba.

“Okay, you are offending me now. Are you really that scared of me?” di-makapaniwalang tanong niya.

Sa halip na sumagot ay nanubig ang mga mata ni Cassandra, mabilis itong kumurap-kurap pero huli na. Tears started streaming down her face. And for the first time in his life, he felt like a murderer.

